

## Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Napakahalagang malaman natin kung paano lutasin nang maayos ang mga alitan at/o hindi pag-uunawaan. Bahagi ng tunay na buhay ang mga alitan, awayan at ibang anyo ng tensiyon sa pagitan ng mga tao. Nangyayari ang mga ito sa loob ng ating pamilya, kapitbahay, lipunan, bayan, at sa buong mundo. May mga tunggalian na nangyayari mismo sa loob ng ating mga sarili. Maaaring sinasabi o ginagawa ng isang bahagi ng ating sarili ang isang bagay na hindi naman sang-ayon nang isa pang bahagi ng ating sarili.

Paano natin mapipigil na mangyari ang alitan? Kung mangyari man ito, paano natin ito malulutas? Alam mo bang puwedeng harapin nang maayos ang mga alitan? May positibong paraan sa pagharap sa anumang problema. Kailangan lamang nating tukuyin at unawain ang problema upang maharap ito nang maayos.

Makakatulong ang modyul na ito na magawa ang mga bagay na iyan at sagutin ang mga tanong. Nakakatulong itong gabay sa sinumang gustong magkaroon ng dagdag na kaalaman sa mga paraan ng paglutas ng alitan, alitan man ito sa loob ng sarili, pamilya o komunidad. Tatalakayin din nito kung paano malulutas ang alitan sa loob at sa hanay ng mga bansa nang hindi idinadaan sa karahasan.

Nahahati sa tatlong aralin ang modyul:

Aralin 1 – *Alitan, Alitan Kahit Saan!*

Aralin 2 – *Mga Paraan sa Paglutas ng mga Alitan*

Aralin 3 – *Maaaring Makakabuti ang mga Alitan*



## Anu-ano ang mga Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, makakaya mo nang:

- tukuyin ang ilan sa maaaring maging dahilan ng mga alitan;
- ipaliwanag at ipakita ang maraming paraan sa paglutas ng mga alitan sa pamilya, lipunan, at bansa;
- talakayin ang mga bentahe at disbentahe ng mga proseso sa paglutas ng alitan; at
- tukuyin at ipaliwanag ang positibong epekto ng mga alitan at ang kahalagahan ng paglutas ng alitan.



## Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Bago mo umpisahang pag-aralan ang modyul na ito, sagutin muna ang simpleng pagsasanay na ito para malaman kung ano na ang alam mo tungkol sa paksa.

Basahin ang mga pangungusap. Sang-ayon ka ba o di sang-ayon sa mga ito? Isulat ang **S** kung sang-ayon at **D** kung di ka sang-ayon.

_____ 1. Nagkakaroon ng alitan o awayan dahil magkaiba ang idea, pinahahalagahan sa buhay, damdamin o layunin ng mga taong sangkot dito.

_____ 2. Maaaring humantong sa malubhang alitan ang mga pagkakaiba sa kultura o paniniwala.

_____ 3. Maaaring maging magkaaway ang dalawang bayang kung magkasalungat ang kanilang mga interes o mithiin.

_____ 4. Para malutas ang alitan, dapat magkaroon ng lider na mamamagitan sa dalawang panig na nag-aalitan.

_____ 5. Laging mananatiling maayos at matatag ang isang grupo o kompanya na may mga miyembrong walang alitan at laging nagkakasundo.

_____ 6. Ang "sitwasyong panalo-panalo" ay isa sa mga proseso sa paglutas ng alitan na nakukuha dito ng dalawang panig ang kanilang gusto. Karaniwa'y humahantong sila sa isang kasunduan na pareho nilang sinang-ayunang kung saan magsalubong o magbigayan sila sa gusto nilang mangyari.

_____ 7. Ipinapakita ng alitan sa isang grupo na lahat ng miyembro nito ay walang problema o usapin kaugnay ng mga prinsipyo, paraan at layunin ng grupo. Sumasang-ayon sila lahat na hindi dapat baguhin o dapat panatilihin ang mga prinsipyo, pamamaraan at layunin.

_____ 8. Makakatulong ang kaunting alitan sa isang grupo na maging bukas ang isip ng mga miyembro. Magiging handa rin sila sa pagharap sa ganoon ding mga alitan na maaaring mangyari sa hinaharap.

_____ 9. Ang mga manager o boss lamang ang dapat magpaunlad ng kasanayan sa paglutas ng mga alitan.

_____ 10. Ipinipilit ng taong mapagbigay ang kanyang mga personal na paniniwala o mithiin at nakaligtaan ang makakabuti sa isang relasyon.

Kumusta ang pagsagot mo? Sa palagay mo ba tama ang mga sagot mo? Ihambing ang iyong mga sagot sa nasa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 48.

Kung 8 hanggang 10 ang nakuha mong iskor, napakahusay! Ipinapakita nito na marami ka nang alam tungkol sa mga paksa sa modyul na ito. Maaari mo pa ring pag-aralan ang modyul para mapag-aralan muli ang alam mo na.

Kung 7 o mas mababa pa ang nakuha mong iskor, huwag sumama ang loob. Ipinapakita lamang nito na para sa iyo ang modyul na ito. Makakatulong ito na maintindihan mo ang ilang importanteng konseptong magagamit mo sa pang-araw-araw na buhay. Kung pag-aaralan mong mabuti ang modyul na ito, malalaman mo ang lahat ng sagot sa pagsasanay at marami pang iba! Handa ka na ba?

Simulan mo nang buksan ang susunod na pahina.

# Alitan, Alitan Kahit Saan!

Tuloy ka sa Aralin 1! Layunin ng araling ito na ipaliwanag ang maaaring maging dahilan ng alitan. Tatalakayin nito kung bakit nangyayari ang mga alitan sa iba't ibang sitwasyon sa isang takdang panahon.

Pagkatapos mo itong basahin maaaring matukoy mo na at maipaliwanag ang mga maaaring mangyaring alitan.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

May nangyari bang hindi ninyo pagkakasundo ng isang miyembro ng iyong pamilya? Kung mayroon, sumasang-ayon ka ba kung sabihin kong karaniwang karanasan nating lahat ang alitan o hindi pagkakasundo? Sa pagsagot sa tanong, pag-aralan ang ilustrasyong ito.




Nagaganap ang mga alitan kahit anong oras at kahit saan. Maaaring lumitaw ang mga ito mula sa maliit na hindi pagkakasundo o hindi pagkakaunawaan, at malubhang kumprontasyon at labanan ang resulta nito.



## Subukan Natin Ito

Parehong tindera sa palengke sina Aling Basyon at Aling Siony. Nagtitinda sila ng gulay. Magkatabi ang kanilang mga puwesto sa palengke. Dahil magkatabi silang nagtatrabaho, naging magkaibigan sila.

Isang araw, may hindi napagkasundo ang dalawa. Dahil dito, ayaw magkibuan sina Aling Basyon at Aling Siony. Nagtagal ito nang mahabang panahon. Hanggang ngayon, hindi pa rin nag-uusap ang dalawa. Masama talaga! Dahil lumaki na nang husto ang kaunti at maliit na hindi pagkasundo, naging magkaaway na ngayon ang magkaibigan.

Mahirap sabihin kung sino sa kanila ang dapat sisihin sa alitan. Mahirap tukuyin kung sino ang tama at kung sino ang mali. May kanya-kanyang panig sina Aling Basyon at Aling Siony. Sumasang-ayon ka ba sa pahayag na ito? Isulat ang iyong sagot:

____________________________________________

Ipaliwanag ngayon ang iyong sagot:

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

Tapos ka na bang magsulat ng iyong sagot? Kung tapos ka na, ihambing ito sa mga halimbawang sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 48.



## Basahin Natin Ito

Lumubha ang alitan nina Aling Siony at Aling Basyon, di ba? Bakit ito nangyari?

Para maintindihan kung paano lumubha ang kaunting hindi pagkakasundo, basahin ang komiks sa susunod na pahina.


Siony, may ibabarya ka ba sa sandaan? Naubusan ako ng barya.
Meron akong barya kaya lang ipansusukli ko ito sa suki ko. Wala akong ibabarya sa pera mo. Sori na lang!
Suki mo? Sino ba ang mga suki mo?
Sina Aling Tindeng, Cora, at Dely.
2
Aba, mga suki ko 'yang mga sinasabi mo! Matagal na silang bumibili sa akin nang maramihan.
Hindi na ngayon. Dalawang araw kang hindi nagtinda kaya sinabi nila sa akin na magmula nang araw na 'yon sa akin na sila bibili.
Talaga? Kaya hindi mo na babaryahan ang pera ko!
Hindi 'yan totoo. Pwede bang unawain mo ang sitwasyon ko. Kailangan ko rin ng barya para sa mga suki ko.
YAYO'N
SAN ANDRES
'Yan ang problema sa 'yo! Nang-aagaw ka ng mga suki. Bakit hindi ka maghanap ng sariling mong suki? Marami ka namang makikita d'yan!
Basyon, hindi ko sila pinilit na maging suki ko. Sila ang bumili sa akin nang maramihan.
Masyadong sumama ang loob ni Aling Basyon kay Aling Siony. Pakiramdam niya'y mali ang ginawa sa kanya ni Aling Siony. Galit na galit siya at gusto niyang saktan si Aling Siony. Ganyan din ang naramdaman ni Aling Siony. Masyado ding sumama ang loob niya kay Aling Basyon. Naniniwala siyang wala siyang ginawang masama. Mula noon, hindi na sila nagkibuan. Hindi na sila naging magkaibigan.



## Magbalik-aral Tayo

Pag-isipan ang mga tanong. Isulat ang iyong mga sagot.

1. Sa alitan nina Aling Siony at Aling Basyon, sino ang tama? Sino ang mali?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Kung mamamagitan ka sa dalawa, paano mo ito gagawin? Ano ang gagawin mo para maging magkaibigan muli sina Aling Siony at Aling Basyon?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. May tsansa bang maging magkaibigan silang muli? Ipaliwanag ang iyong sagot.


   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

Kapag tapos ka na sa mga sagot, ikumpara ang mga ito sa mga halimbawang sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 48–49.



## Alamin Natin

Hind na bago ang mga alitan sa ating daigdig. Lumilitaw sa bawat bayan sa lahat ng oras ang mga awayan, hindi pagkakaunawaan, labanan, at ibang anyo ng alitan sa pagitan ng mga tao. Naranasan na ng sangkatauhan ang alitan mula pa noong lumitaw sa mundo ang unang mga tao.

Ang mga alitan ay hindi lamang nangyayari sa dalawang tao, mag-asawa, mag-ina o mag-ama, magkapatid o magkaibigan. Nagkakaroon din ng alitan ang mga miyembro ng isang grupo. Nangyayari rin ito sa iba't ibang sektor ng lipunan at sa iba't ibang bayan sa daigdig. Nakakalungkot sabihin na nauuwi ang ilang alitan sa labanan o digmaan. Pero may mga alitan naman na nalulutas bago pa man masaktan ang sinuman.

Bakit nagkakaroon ng alitan? Isulat ang iyong sagot.

Nangyayari karaniwan ang alitan dahil sa pagkakaiba sa mga idea, pinahahalagahan sa buhay, damdamin o mithiin.

Halimbawa may dalawang tao, na tawagin natin si Mister Kaliwa at si Mister Kanan. Magkaiba ang kanilang mga idea o kahalagahan sa buhay ng dalawa. Kaya nagtatalo, nagdedebate ang dalawang ito o gumagawa ng mga bagay ang isa na hindi naman nagugustuhan ng isa. Nauuwi ito sa alitan. Kung sino ang mas malakas o mas makapangyarihan — si Mister Kanan man o si Mister Kaliwa — kadalasan siya ang "mananalo" o mangingibabaw. Samantala, karaniwang walang magawa ang taong mas mahina kundi ipagtanggol ang kanyang posisyon o pinanghahawakan ang sariling paniniwala.

Naririto ang ilang halimbawa ng maaaring gawin ng taong mas mahina:

- umiwas sa kumprontasyon o umiwas na magkakaharap;
- tumanggi sa pagbabago; o
- ganting-salakay sa pamamagitan ng:
  - — pag-akusa sa kabilang panig;
  - — di pagtanggap ng katotohanan; o
  - — pagdududa sa kredibilidad ng kabilang panig.

Sa panahon ng alitan o hindi pagkakasundo, nasisira ang relasyon ng dalawang panig.



## Pag-isipan Natin Ito

Mag-isip ng mga alitan na nangyayari sa iyong pamilya, pinagtatrabahuhan, komunidad, bayan o mundo. Bakit nangyayari ang mga alitang ito? Ilista sa mga kahon ang iyong mga sagot .

**Mga Dahilan ng Alitan**

A. Sa loob ng Pamilya

1. ____________________________
2. ____________________________
3. ____________________________

B. Sa Pinagtatrabahuhan

1. ____________________________
2. ____________________________
3. ____________________________

C. Sa Komunidad

1. ____________________________
2. ____________________________
3. ____________________________

D. Sa Bayan

1. ____________________________
2. ____________________________
3. ____________________________

E. Sa Buong Daigdig

1. ____________________________
2. ____________________________
3. ____________________________


Pagkatapos mong sagutin ang pagsasanay, ihambing ang iyong sagot sa mga sagot ko sa susunod na pahina.

**Sa Pamilya**




Kadalasan nangyayari ang mga pagtatalo ng magkakapatid at ng magulang at anak dahil sa pagmamataas, hindi pagkakaunawaan, kawalan ng respeto sa opinyon ng ibang miyembro ng pamilya, kulang sa komunikasyon, selosan, at marami pa.

**Sa Pinagtatrabahuhan**



Madalas mangyari ang mga pagtatalo ng superbisor at manggagawa, mga kapwa manggagawa, at may-ari ng kompanya at mga manggagawa. Maaaring inggitan ang dahilan nito; ang tendensiyang magpalakas sa mga nakakataas; siraan o pagpigil sa iba para maging matagumpay; at hindi pagtupad sa mga tungkulin. Nagkakaroon din ng tensiyon dahil sa di makatarungang mga patakaran ng kompanya.

**Sa Komunidad**



Pagtatalo ng magkapitbahay ang isa sa mga alitang lumilitaw sa komunidad. Ang ilang dahilan ng mga alitang ito ay inggitan, kawalan ng responsibilidad bilang mga miyembro ng komunidad, tsismisan, pagkakaiba sa estilo ng pamumuhay at kawalan ng respeto sa mga paniniwala at opinyon ng iba.




**Sa Bayan**

Maraming dahilan ang mga alitan sa loob ng bayan. Kabilang dito ay:

- nagkakaiba ng ideolohiya ang iba't ibang grupo
- di makatwirang gawain ng pamahalaan tulad ng katiwalian, pagkakaroon ng mga kroniyismo o paboritismo ng mga opisyal ng pamahalaan
- hindi pagbibigay ng pamahalaan ng pangunahing pangangailangan ng mamamayan
- di mahusay na serbisyo ng mga ahensiya ng pamahalaan at institusyon
- pagkakaroon ng mahigpit na kompetisyon ang mga negosyante at politiko
- di pantay na distribusyon ng yaman
- pang-aagaw ng lupa
- kahirapan

**Sa Daigdig**

Malalim ang ugat ng mga alitan sa buong daigdig. Maaaring may kinalaman ito sa pagkakaiba ng bawat bansa tulad sa kasaysayan, kultura, relihiyon, at kulay o lahi. Maaari ring tingnang dahilan ng mga alitan ng mga bansa ang di pantay na distribusyon ng yaman o ekonomiya, kompetisyon sa likas na yaman, pagtatalo sa pag-angkin ng mga teritoryo, pananalakay, at iba pa.

Isang halimbawa nito'y ang isyu sa Spratley Islands.

Maaaring mauwi sa kaguluhan ang isyu kung aling bansa ang talagang nagmamay-ari ng Spratley. Sabi ng ilan, bahagi pa rin ng Malaysia ang Spratley, sabi naman ng ibang tao, nasa loob ng teritoryo ng Pilipinas ang Spratley.

Saan matatagpuan ang Spratley Islands? Ang Spratley Islands ay mga pulong parang kadena na matatagpuan sa kanluran ng Palawan. May habang 388 kilometro sa Karagatan ng Timog Tsina ang mga kapuluan. Maaaring panirahan ng mga tao ang 33 sa mga kapuluan nito.




Bakit maraming bayan ang umaangkin sa *Spratley Islands?*

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Maraming bayan ang umaangkin sa mga kapuluan dahil:

- Magandang daungan ang mga kapuluan ng mga barkong naglalayag sa pagitan ng Singapore at Hongkong.
- May malaking mina ang mga ito ng langis, carbon at iba pang mineral. Ayon sa ulat ng Reuters, matatagpuan sa ilalim ng lupa ng mga kapuluan ang 225 bilyong bariles ng langis.





## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Maaari ring sumulpot ang alitan dahil sa pagkakaiba sa kultura. Nakapaloob sa kultura ang ating mga paniniwala, pag-asa, at pangarap, mga kahalagahan sa buhay, sining, pag-uugali at paraan ng pag-iisip.

Halimbawa, maasikaso tayong mga Pilipino sa mga bisita. Kapag may mga bisita tayo sa bahay, ginagawa natin ang lahat para maging komportable sila at ibinibigay natin ang kanilang mga kailangan. Bahagi ng ating kultura ang pag-uugaling ito. Pero maaaring hindi nagugustuhan ng mga tao sa ibang mga bayan ang pag-uugaling ito.


Para malaman kung paano nagiging sanhi ng mga alitan o hindi pagkakasundo ng mga nasyonalidad ang mga pagkakaiba ng kultura, basahin ang komiks sa susunod na pahina.


Binisita ng mag-asawang Jones ang kanilang mga kaibigan sa Pilipinas, sina G. at Gng. Gomez.
Sobra kung magsilbi ang mga Pilipinong ito. Tingnan mo, nagpapalapad sila ng papel sa atin!
Dapat maging komportable ang ating mga bisita. Ayaw natin silang magreklamo na hindi natin sila pinakitunguhan nang mahusay o hindi ibinigay ang kanilang kailangan.


Pagkaraan ng tatlong buwan, ang mag-asawang Gomez naman ang bumisita sa kanilang mga kaibigan sa Amerika.
Sori, hindi kami puwedeng kumain sa labas ngayong Sabado't Linggo. May gagawin kami.
Mga bastos! Noong sila ang bumisita sa aming bahay, pinakitunguhan namin sila nang mahusay. Ngayon, malamig silang makitungo sa amin. Hindi na ako magkakamaling bisitahin uli ang mga Kanong ito.

Ipinakita ng komiks ang pagkakaiba sa kultura ng pakikitungo ng tao sa tao. Maaaring mauwi sa mga alitan ang klase ng pagkakaibang ito. Sa halimbawa, sumama ang loob at nagalit ang mag-asawang Gomez dahil naramdaman nilang hindi sila inasikaso nang mabuti ng kanilang mga kaibigang Amerikano. Dahil dito, ayaw nang bisitahing muli ng mag-asawang Gomez ang mga ito sa US. Malamang na hindi na maging magkaibigan ang mag-asawang Jones at mag-asawang Gomez.

Para lutasin ang klase ng alitang ito, dapat sikapin ng dalawang panig na maging mas maunawain sa pagkakaiba ng isa't isa. Kailangang matutuhan nilang tanggapin ang pag-uugali ng ibang tao kahit hindi kasiya-siya.






## Magbalik-aral Tayo

Sigurado akong nagkaroon ka na ng karanasan sa mga alitan. Magbigay ng isang halimbawa ng alitan na nangyari sa iyong buhay o alitang alam mo. (Maaaring kinakasangkutan ito ng iyong mga kaibigan, miyembro ng pamilya, kapitbahay o kakilala.) Ipaliwanag kung paano nagsimula at nagtapos ang alitang ito. Isulat ang iyong sagot.

__________________________________________________

__________________________________________________

__________________________________________________

__________________________________________________

__________________________________________________

__________________________________________________


Pagkatapos mong ikuwento ang iyong karanasan, ihambing ang iyong karanasan sa mga halimbawang karanasan na nasa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 49.


## Basahin Natin Ito

Nakita natin kanina na nangyayari ang mga alitan sa mga tao. Nalaman mo rin na maaaring mangyari ang mga ito sa mga grupo ng tao, komunidad o pati sa mga bayan.


Kapag hindi nalutas agad ang alitan, masisira ang relasyon ng mga tao, komunidad, at bayan. Sa dalawa o mahigit dalawang nag-aalitang bayan, kadalasa'y naaapektuhan ang negosyo at kalakalan ng mga ito. Ang malala pa'y nauuwi sa armadong labanan o digmaan ang alitan ng mga ito.

Naririto ang isang halimbawa ng pandaigdigang alitan na humantong sa digmaan.



Humantong sa digmaan ang alitan. Naganap ang mga madugong kumprontasyon. Nangyari ang malalaking digmaan noong 1948-49, 1956, 1967, 1973 at 1982.



Dahil sa mga digmaang ito, maraming namatay at maraming ari-ariang publiko ang nawasak. Nakapagpahina rin ang mga ito ng mga ugnayang internasyonal, naging dahilan ng mga krisis pang-ekonomiya at humantong sa bantang magkakaroon ng kinatatakutang Ikatlong Digmaang Pandaigdig. Hanggang ngayon, hindi pa nalulutas ang alitang Arab-Israeli.






## Magbalik-aral Tayo

Sagutin ang mga tanong. Piliin ang iyong mga sagot sa mga salitang nakakahon.

| | | |
|---|---|---|
| mga Hudyo | mga digmaan | Jordan |
| labanan | negatibong | alitang Arab-Israeli |
| mga Arabo | Israel | |

1. Ang paksa ng komiks ay ang ________________________.
2. Lumitaw ang alitan dahil sa pagkakatatag ng isang bagong bayang pinangalanang_____________.
3. Naramdaman ng _________________ na isinama ang isang dayuhang bayan sa kanila nang labag sa kanilang kalooban.
4. Nagresulta sa ______________ ang alitan.
5. Lumikha ang alitan nang maraming _____________resulta tulad ng pagkamatay ng maraming tao at pagkawasak ng mga ari-ariang publiko.

Kapag tapos ka na sa pagsasanay, ihambing ang iyong mga sagot sa nasa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 49–50.



## Alamin Natin

Napakaraming dahilan ang alitan. Maaaring isa itong maliit na hindi pagkakasundo, na magreresulta sa isang malaking hindi pagkakaunawaan o digmaan kung hindi agad ito malulutas.

Maaaring magsimula sa iyo ang mga alitan, depende kung:

- paano ka humawak ng usaping pampamilya;
- paano ka makitungo sa ibang tao;
- paano ka kahusay na tumupad sa mga tuntunin;
- paano ka kumilos sa komunidad;
- paano ka magmahal sa iyong bayan; at
- paano ka umunawa sa mga pagkakaiba ng ibang tao.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Ipaliwanag kung paano lumilitaw ang alitan sa sumusunod na sitwasyon. Isulat ang iyong sagot sa bawat sitwasyon.

1. May kautusan pang barangay tungkol sa pagtatapon ng basura na pinagtibay ng konseho ng Barangay San Juan. Ayon sa kautusan, dapat itapon ng mga naninirahan sa barangay ang kanilang mga basura sa mga lugar na itinalaga lamang ng kapitan ng barangay. Pero hindi alam ni Mang Juan ang kautusan na ito. Nasanay siyang magtapon ng kanyang basura sa malapit na poste ng Meralco na nasa tabi ng bahay ni Aling Maria.

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

2. Matalik na magkaibigan sina Mila at Nenita. Umalis si Mila sa kanilang bayan sa probinsiya ng Romblon upang magtrabaho sa Maynila bilang isang trabahador sa pabrika. Bago umalis si Mila, pinakiusapan niya si Nenita na bantayan ang kanyang kasintahang si Lando. Lumipas ang tatlong taon, walang natanggap na balita sina Nenita at Lando mula kay Mila.

   Dahil sa malalang krisis pang-ekonomiya ang nararanasan ng bayan, isa si Mila sa maraming Pilipinong natanggal sa trabaho. Nagpasiya si Mila na bumalik sa Romblon at dito niya nalaman na pinakasalan ng kanyang matalik na kaibigan ang kanyang mahal na kasintahan.

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

Pagkatapos mong sagutin, ikumpara ang iyong sagot sa mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 50.

## Tandaan Natin

- Maaaring mangyari ang mga alitan kahit saan at kailan.
- Maaaring magkaroon ng mga alitan ang mga tao, grupo ng mga tao tulad ng mga kompanya, komunidad o kahit mga bayan.
- Isang karaniwang dahilan ng alitan ay ang pagkakaiba sa kultura, ideya, pinahahalagahan sa buhay, damdamin o mithiin.
- Maaaring humantong ang mga alitan sa negatibong resulta tulad ng awayan, nasirang relasyon, labanan o digmaan pa nga.

# Mga Paraan sa Paglutas ng Alitan

Sa Aralin 1, nalaman mo ang tungkol sa maaaring maging dahilan ng mga alitan. Nalaman mo na maaari pa itong maging dahilan ng mas malalaking problema. Sa dalawang tao, maaari itong maging dahilan ng samaan ng loob, awayan, at pagkasira ng pagkakaibigan. Sa dalawang bayan, maaari itong humantong sa labanan at digmaan kung minsan.

Gusto nating iwasan ang masasamang resulta ng alitan, di ba? Para maiwasan, kailangan nating malaman kung paano mamagitan sa isang alitan.

Tatalakayin sa araling ito kung paano mamagitan at malulutas ang mga alitan. Ipapaliwanag ang iba't ibang paraan sa paglutas ng mga alitan.

Pagkatapos pag-aralan ang araling ito, makakaya mo nang:

- ipaliwanag at ipakita ang iba't ibang pamamaraan sa paglutas ng alitan; at
- tukuyin ang mga tao at institusyon na malalapitan ng mga tao at bansa sa panahon ng alitan.



## Subukan Natin Ito

Ano ang karaniwang ginagawa mo kapag hindi nagkakasundo ang iyong mga kapamilya o kaibigan? Isulat ang iyong sagot.

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

Tapos ka na bang magsulat ng iyong sagot? Kung tapos na, ikumpara ang iyong mga sagot sa sagot ko sa susunod na pahina.

Naririto ang ilan sa mga bagay na ginagawa ng mga tao upang mapangasiwaan ang isang alitan:

- umiwas sa taong hindi makasundo;
- labanan ang tao;
- patawarin ang tao;
- makipag-usap sa tao at makipagkasundo; o
- sabihin sa ibang tao ang masasamang bagay tungkol sa tao.

Negatibong resulta ang idinudulot ng ilang bagay na nakalista. Maaari mo bang tukuyin ang mga ito? Alin naman ngayon ang maaaring magdulot ng magandang resulta?

Kitang-kita na may *tama* at *maling* pamamaraan sa pagharap sa isang alitan. Naririto ang ilan sa mga tamang pamamaraan ang mamagitan sa isang alitan upang maiwasan nang lumubha ito:

- Magtakda ng oras at lugar sa paglutas ng alitan sa pamamagitan ng diyalogo.
- Suriin ang iyong panig at suriin din ang sa kabilang panig ng alitan.
- Pakinggang mabuti ang kabilang panig imbes na magsalita nang magsalita. Tandaan na dalawa ang ating tainga at isa lamang ang ating bibig. Kaya dapat na makikinig nang mabuti kaysa magdaldal nang magdaldal.
- Maging mapanlikha. Mag-isip ng mga di karaniwang pamamaraan sa paglutas ng inyong alitan. Halimbawa, kung nahihirapan kang makipag-usap, maaari kayong magsulatan tungkol sa inyong mga nararamdaman. O kaya'y gusto ninyong magkaroon ng mapagkakatiwalaang tagapamagitan o "tulay." Magsisilbing "mensahero" ang taong ito na magpaparoo't parito para maghatid ng mga mensahe. Ang punto'y huwag ilimita ang iyong sarili sa nakasanayan o pamilyar na mga pamamaraang alam mo. Mag-isip ng iba pang paraan! Sabihin sa kabilang panig na gawin din ang ganoon. Pagkatapos, magkasundo sa isang paraan na parehong uubra sa inyong dalawa.
- Patuloy na maghanap ng solusyon para sa inyong alitan. Huwag sumuko. Kung hindi uubra ang kasalukuyang diyalogo, magkasundong magharap at mag-usap muli.
- Sikaping panatilihin ang magandang relasyon sa kabilang panig. Habang nagdidiyalogo, ituon sa ginagawa at hindi sa personalidad ng mga taong kasangkot.
- Sikaping lalong mapahusay ang iyong kasanayan na maging tagapamagitan ng isang alitan.



## Pag-isipan Natin Ito

Sa pagsisikap na lutasin ang isang alitan, sa palagay mo ba'y importanteng matiyagang makinig at pakinggang mabuti kung ano ang sinasabi ng kabilang panig o ng tao? Pag-isipan ito sandali at pagkatapos ay isulat ang iyong sagot.

____________________________________________________


____________________________________________________

____________________________________________________

____________________________________________________

Tapos ka na bang sumulat ng iyong sagot? Kung tapos na, ihambing ito sa aking sagot:

*Oo. Napakaimportante ng matiyagang makinig at pakinggang mabuti ang kabilang panig. Ang pagpamagitan at paglulutas ng mga alitan, dapat itong sundin nang mabuti. Kung hindi makikinig nang mabuti ang dalawang panig o ang isa sa mga ito, mahihirapang lutasin ang mga alitan.*





## Subukan Natin Ito

Ang sumusunod ay isang diyalogo. Basahin ito na may kapartner.

Simple ang mga instruksiyon. Basahin ang mga linya ni Maring (ang nasa kaliwang hanay) at babasahin naman ng kasama mo ang mga linya ni Isabel (ang nasa kanang hanay). Salitan kayo sa pagbabasa upang magsasagutan kayo sa bawat linyang binabasa. Bigyan ng damdamin ang pagbabasa. Mga linya mo lamang ang basahin mo. Huwag mong tingnan ang mga linya ng iyong kasama habang binabasa niya nang malakas ang kanyang mga linya. Pinakamahusay kung tatakpan ng iyong kasama ang kanyang mga linya para hindi mo makita habang binabasa niya nang malakas. Ikaw naman, tiyaking makinig nang mabuti sa sinasabi ng iyong kasama.

| | **Maring (Ikaw)** | **Isabel (Kapartner Mo)** |
|---|---|---|
| 1. | Hello, narinig kong may ibabalita ka sa akin. | Oo, meron nga. Tungkol kay Brenda. Marami siyang sinasabi tungkol sa iyo. |
| 2. | Si Brenda, ang matandang tsismosang 'yon! Ano ang sinasabi niya tungkol sa akin? | Mula sa kanya . . . medyo di karaniwan ang sinabi niya. Sasabihin ko sa iyo ang totoo, nagulat ako nang marinig kong sinabi niya tungkol sa iyo. |
| 3. | 'Yang walang kuwentang tsismosang 'yan! Nasalubong ko siya kaninang umaga at nginitian pa ako. Hindi ko pala alam na kapag nakatalikod ako, itsinitsismis pala niya ako. | Natatandaan mo ba nang mag-away sina Brenda at Nelia? Ikinalat niya na nagluluko ang asawa ni Nelia. Galit na galit si Nelia sa kanya. |
| 4. | Oo, nag-away sila nang husto sa harap ng tindahan ni Aling Marta. Ininsulto nila ang isa't isa. Talagang nakakagugulat kapag narinig mo. | Ngayon naman, magugulat ka sa magagandang sinasabi ni Brenda tungkol sa iyo. |
| 5. | Pero natutuwa ako't inaway ni Nelia si Brenda. Panahon na para may magsabi sa kanya na masama siyang matandang tsismosa. | Oo, sang-ayon ako sa 'yo. Pero sa palagay ko nagbago na si Brenda ngayon. Hindi na siya ang dating matandang tsismosa. |

| | |
|---|---|
| 6. Tulad ni Nelia, hindi ako mag-aatubiling sabihin kay Brenda na tumigil na siya sa pagtsitsismis. | Hoy, ayan na si Brenda. |
| 7. Brenda! Ikaw, miserableng tsismosa. Ang lakas ng loob mong magkalat ng kasinungalingan tungkol sa akin! | Teka! Huwag kang mag-umpisa agad ng away. Wala namang ginagawang masama sa iyo si Brenda. |



## Subukan Natin Ito

Pagkatapos ninyong basahin ang diyalogo ng iyong kapartner, sagutin ang sumusunod na mga tanong.

1. Tungkol saan ang diyalogo?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

2. Batay sa mga linyang binasa mo, mahusay bang tagapakinig si Maring? Ipaliwanag ang iyong sagot.

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

3. Aling mga linya ni Isabel ang hindi binigyan ng sapat na pansin ni Maring? Isulat lamang ang numero ng mga linya (tingnan ang diyalogo sa pahina 23) Ano ang sinasabi tungkol kay Brenda sa mga linyang iyon? Ano sana ang dapat maging reaksiyon ni Maring sa mga linyang ito?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________


4. Ano kaya ang mangyari kina Maring at Brenda dahil sa pagiging di mahusay na tagapakinig ni Maring?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

Nasagot mo ba lahat ang tanong? Kung nasagot mo lahat, ikumpara ang iyong mga sagot sa mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 50–51.

## Basahin Natin Ito

Basahing mabuti ang sitwasyon na nasa ibaba.



Nangunguna si Mang Ambo sa isang kampanyang tinatawag na "Tungo sa Isang Mas Magandang Barangay." Namamahala siya sa dalawang proyekto, ang "Pangalagaan ang Kapaligiran" at "Buhaying Muli ang Kagubatan." Dalawa ang katulong ni Mang Ambo sa mga proyektong ito. Si Mang Teroy at si Mang Kulas. Sa kasamaang-palad, madalas hindi magkasundo sina Mang Teroy at Mang Kulas. Kamakailan, nagtalo sila tungkol sa pamamaraan ng kanilang grupo kung paano makakalikom ng pondo para sa kanilang mga proyekto. Pinupuna ni Mang Teroy ang lahat ng ideya ni Mang Kulas. Sinabi rin ni Mang Kulas na ayaw niya ang lahat ng mungkahi ni Mang Teroy.

Noong una, hindi pinansin ni Mang Ambo ang pagtatalo ng dalawa niyang katulong. Akala niya na maaayos ito sa madaling panahon. Isa pa, naniniwala si Mang Ambo na ang kaunting alitan paminsan ay magpapabuti sa kanilang grupo. Para naman mapukaw ang damdamin ng bawat miyembro na magiging maalalahanin.

Madalas na silang nag-aaway at lalong tumitindi ito. Nag-away pa nga sila sa harap ng mga taong dapat sana'y pinagsisilbihan nila. Dahil dito, maraming tao ang nagsimulang umiwas sa kanilang grupo. Lumiit ang bilang ng mga tagasuporta ng grupo. Pero sa pagdaan ng mga araw, lumalaki ang hidwaan nina Mang Teroy at Mang Kulas.

Sa wakas, nagdesisyon si Mang Ambo na gumawa ng paraan tungkol sa alitan ng kanyang mga katulong.

Sinabi ni Mang Ambo sa sarili, "Ano kaya ang gagawin ko sa dalawang ito?" "Dapat ba akong maging mapag-utos at maging diktador? Gagamitin ko ba ang lahat ng aking kapangyarihan bilang lider para pigilin sila sa pag-aaway? Paano ko sila mapagkakasundo?"



## Pag-isipan Natin Ito

Malubha ang problema ni Mang Ambo, di ba? Ano ang maipapayo mo kay Mang Ambo? Sa palagay mo ba'y solusyon na maging diktador siya? Ano ang mangyayari kung itinuloy ni Mang Ambo ang kanyang plano? Isulat ang iyong mga sagot sa patlang sa ibaba.

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Tapos ka na ba sa pagsulat ng iyong sagot? Kung tapos na, ihambing ang iyong sagot sa mga sagot ko.

Bilang lider ng kanilang grupo, si Mang Ambo ang responsable sa pagkakasundo ng mga miyembrong may hidwaan. Kailangang kumilos siya para maayos ang hidwaan nina Mang Kulas at Mang Teroy. Kung hindi siya kikilos, mapapasama ang grupo. Dahil sa awayan, nabawasan ang suporta sa kanilang grupo.

Maaaring makipag-usap si Mang Ambo kay Mang Kulas para malaman ang kanyang panig. Pagkatapos, kailangan din niyang kausapin si Mang Teroy para malaman ang panig nito. Pagkaraan, maaari niyang ayusin ang pagdidiyalogo ng dalawa. Siya ang magiging tagapamagitan o tutulong sa pagtalakay. Kailangan niyang alamin sa dalawang katulong niya kung ano ang gusto nilang mangyari para matapos ang kanilang alitan. Kailangang tanungin niya ang mga ito kung ano ang posibleng solusyon para magkasundo. Ang paraang ito ay tinatawag na "solusyong panalo-panalo" o parehong panalo ang dalawang panig, — sina Mang Teroy at Mang Kulas, — parehong masusunod ang kanilang gusto. Kasabay nito, makikinabang din si Mang Ambo at ang kanilang grupo. Kaya magiging masaya ang lahat!

Hindi magandang solusyon ang paggamit ng puwersa o kapangyarihan, o ang pagiging diktador. Tiyak na makakapagpahinto ito ng alitan. Pero makakasira ito sa magandang relasyon. Hindi lamang magpapatuloy ang awayan o alitan nina Mang Teroy at Mang Kulas kundi magkakaroon din ng masamang epekto sa relasyon nila kay Mang Ambo. Ang resulta'y masisira ang kanilang pagkakaibigan.

## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

### Iba't Ibang Pamamaraan sa Paghawak ng Alitan

Magkapareho ba tayo ng sagot? Kung magkapareho, napakahusay. Kung hindi, huwag mag-alala dahil tatalakayin ko ang iba't ibang pamamaraang ginagamit sa paghawak ng alitan. Makakatulong ang ilan sa mga estilong ito sa paglutas ng alitan samantala, makakapagpalubha lamang ang iba pa. Isa-isang basahing mabuti.

1. **Pag-iwas**

Sa pamamaraang ito, nag-iiwasan ang mga taong sangkot sa alitan. Iiwasan nilang magkakausap o maghaharap. Makakatulong ang estilong ito sa loob ng maikling panahon sa paglutas ng alitan. Bakit? Dahil magkakaroon ng panahong "magpapalamig"ang dalawang panig. Kapag hindi sila nagkikita, magiging kalmado sila at hindi gaanong "palaaway." Magkakaroon ng pagkakataong magmumuni-muni ang bawat isa, magpalamig ng ulo, kung ano ang pinagmulan ng alitan at kung paano ito malulutas.

Naranasan mo na bang umiwas sa taong hindi mo nakakasundo? Kung naranasan mo na, bakit mo siya iniiwasan?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

Basahin natin ang mangyayari sana sa kuwento ni Mang Ambo kung umiwas si Mang Teroy sa pakikipagharap kay Mang Kulas.



Sa palagay mo, kung patuloy na iiwasan ni Mang Teroy si Mang Kulas, malulutas ba nila ang kanilang alitan? Bakit?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

Nalutas ba ang hindi ninyo pagkakasundo ng iyong kaibigan nang iwasan mo siya? Ipaliwanag ang iyong sagot?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

Hindi, di ba? Anumang hindi pagkakasundo o alitan, kung lalong pinatatagal, lalo lamang itong lulubha. Pinatatagal lamang ng patuloy na pag-iwas ang alitan, hindi nakakalutas ng alitan. Kung patuloy na mag-iiwasan sa matagal na panahon ang mga taong sangkot, lulubha lamang ang kanilang alitan. Hindi ito malulutas. Hahantong ito sa sitwasyong “talo-talo” o parehong talo-ang dalawang panig o mga taong sangkot ay hindi makikinabang sa kanilang ikinilos. Sa bandang huli, hindi na maaayos ang nasirang relasyon.

2. **Pagiging maunawain at mapagbigay**

Sa pamamaraang ito, mas pinahahalagahan ng mga taong sangkot ang kanilang relasyon kaysa kanilang damdamin. Sandali nilang isinasaisantabi ang kanilang personal na layunin at damdamin at pinagtutuunan nila kung paano sila maging mabuting magkaibigan o muling magkasama sa trabaho.

Naranasan mo na bang tumanggap ng pagkakamali at humingi ng paumanhin sa taong hindi mo nakasundo para matapos na ang inyong hindi pag-uunawaan? Kung mayroon na, ikuwento nang maikli ang nangyari.

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

Kapaki-pakinabang ang pamamaraang ito kapag tinanggap ng isang tao ang kanyang pagkakamali. O kaya’y nang mapag-isipan niya, nagdesisyon siya dahil matatalo lamang siya sa alitan. Sa madaling sabi, walang magagawang mabuti sa kanya ang alitan kaya nagdesisyon siyang tapusin ito nang mapayapa.

Ipagpatuloy natin ang pagbabasa sa kuwento ni Mang Ambo para malaman ang mangyayari pa kung humingi ng paumanhin sa isa’t isa sina Mang Kulas at Mang Teroy.




Ang pamamaraang ito ay maaaring humantong sa sitwasyong "talo-panalo" o "panalo-panalo." Paano? Sa pamamagitan ng pagtanggap ng iyong kamalian, kinikilala mo rin na tama ang taong iyon. Sa kaso ni Mang Kulas, tinanggap niya ang kanyang mali at humingi siya ng paumanhin. Maituturing na natalo siya sa alitan kay Mang Teroy dahil tinanggap niya ang kanyang pagkatalo. Gayunman, dahil humingi sila ng paumanhin sa isa't isa, pareho nilang naibalik ang pagkakaibigan nila.

Dahil nagkasundo na sila, naging mas bukas sila sa idea, puna, at mungkahi ng bawat isa. Magkasama silang magtatrabaho nang mahusay. Kaya hindi lamang sila ang nakinabang sa kanilang pagkakasundo kundi pati na ang buong grupo.

**3. Pagbubuo ng kasunduan**

Sa pamamaraang ito, nagbibigay ang tao ng pantay na kahalagahan sa kanyang damdamin at sa kanyang pakikipagrelasyon sa iba. Ang nangyayari'y isinasakripisyo ng dalawang panig ang kanilang damdamin — hanggat makakaya nila — para sa kabutihan ng nakararami. Tinatawag din itong "pagsalubong sa gitna" o sitwasyong "panalo-talo." Ibig sabihin, kaunting panalo at kaunting talo. Madalas na hindi naibibigay ang lahat ng kanilang hinihiling. Tatanggapin lamang ang mga kahilingan na mas makabuluhan sa kasalukuyan at mas kapaki-pakinabang. Ang kompanya o grupong kinabibilangan nila ang tumatanggap ng pinakamalaking pakinabang sa ganitong paraan.

May mga pangyayari rin na nasasagot ang lahat ng kahilingan ng dalawang panig o mga taong sangkot. Maaaring humantong sa sitwasyong "panalo-panalo" ang ganyang pangyayari. Ibig sabihin lamang nito'y kapag ang dalawa o higit sa dalawang panig ay taimtim na nakikinig sa isa't isa nang bukas ang isip, posibleng malaman nila na makabuluhan sa kasalukuyan at katanggap-tanggap ang lahat ng kahilingan.

Sumasang-ayon ka bang pumasok sa isang kompromisong kasunduan? Kung oo, ikuwento mo ito sa akin.

_______________________________________________________________


_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

Balik tayo sa kuwento ni Mang Ambo, naapektuhan ang buong grupo ng alitan nina Mang Kulas at Mang Teroy. Kung nagkaroon lamang ng panahong nakapag-usap sina Mang Teroy at Mang Kulas, kasama si Mang Ambo bilang tagapamagitan sa diyalogo, sana'y pareho nilang napakinggan ang argumento ng bawat isa. Kapag ganoon ang ginawa nila, magkakaroon ng pagkakataong pag-aralan ang argumento ng bawat isa at malalaman kung alin ang sasang-ayunan nilang dalawa at makakatulong ito sa kanilang grupo.

Posibleng hindi katanggap-tanggap sa bawat isa ang lahat ng kanilang ideya. Ang importante'y sumasang-ayon silang dalawa sa ilang punto na kapaki-pakinabang sa kanila at sa kanilang grupo. Pero posible rin na ipatupad ang lahat ng idea kung katanggap-tanggap lahat sa grupo.



**4. Pakikipagkumpitensya**

Sa pamamaraang ito, nagmumungkahi ng solusyon ang isang panig at pilit na tatanggapin ng ibang panig. Humahantong ito sa tinatawag na sitwasyong "panalo-talo." Mananalo ang isang panig at matatalo ang kabilang panig. Nangyayari ito dahil mas pinahahalagahan ng dalawang panig ang kanilang damdamin kaysa panatilihin ang magandang relasyon. Magiging epektibo ito kapag sigurado ang isang panig na tama siya at kapag mas malakas o mas makapangyarihan siya kaysa kabilang panig. Pero kung laging ginagamit ang estilong ito, baka kaya-kayanin na lamang ng mas malakas na panig ang mahinang panig.

Ano kaya ang mangyayari sa alitan nina Mang Kulas at Mang Teroy kung ginamit ang pamamaraan ng pakikipagkumpetisyon?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

Tingnan natin kung tama ang iyong sagot. Basahin ang diyalogo para malaman kung kapareho ang sagot mo na nasa isip ko.

Kung ang sagot mo'y lalo lamang lulubha ang kanilang alitan, tama ka! Dahil hindi sila nagkakasundo, mahirap para sa kanila na tanggapin ang anumang solusyon na imumungkahi ng isa. Tulad ng makikita mo sa ilustrasyon, hindi puwedeng tanggapin at hindi matatanggap nina Mang Kulas at Mang Teroy ang mungkahi ng isa't isa. Sarado ang isip nila sa solusyong naisip nila. Bawat isa sa kanila'y iniisip na mas maganda ang mungkahi niya kaysa mungkahi ng isa.




**5. Pagbabanta**

Mayroon ka bang nakakatandang kapatid na lalaki o babae? Kung mayroon, may iniutos ba siya sa iyo na ayaw mo namang gawin? Kung mayroon, sinunod mo ba siya kahit ayaw mo? __________

Kung sinunod mo, bakit mo siya sinunod? Ano ang ginawa niya para sundin mo siya?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________


Halos pareho ng pakikipagkumpitensya ang **pagbabanta,** isa itong pamamaraan na dito'y iniuutos ng isang panig, imbes na imungkahi, ang isang solusyon at ipinipilit sa kabilang panig na tanggapin ito. Kailangang sumunod sa solusyong iniutos ng isang panig ang kabilang panig kung hindi'y mawawalan siya ng bagay na mahalaga sa kanya. Walang pagpipilian ang mas mahinang panig kundi sumunod sa sinasabi ng mas malakas na panig. Humahantong din ito sa sitwasyong "panalo-talo." Mananalo ang isang panig at matatalo ang kabilang panig. Sa pamamaraang ito, talagang kinakaya-kaya ng mas malakas na panig ang kabilang panig.




6. **Pakikipagkumprontasyon**

Sa pamamaraang ito, gustong lutasin ng sangkot na dalawang panig ang kanilang alitan sa pamamagitan ng marahas na paraan. Maaaring humantong ang pamamaraang ito sa sitwasyong "panalo-talo." Nangyayari ang sitwasyong panalo-talo kapag nangingibabaw ang mas malakas sa mas mahinang panig. Gayunman, maaaring humantong din ito sa sitwasyong "talo-talo" dahil:

- ang ganyang kumprontasyon ay maaaring maging dahilan ng malubha at permanenteng pagkasira ng kanilang pagkakaibigan at ugnayan sa trabaho;
- hindi sila makakapagtrabaho nang mas mahusay; o
- mawawalan ng tiwala ang ibang miyembro ng grupo sa dalawang taong naglalaban.





## Magbalik-aral Tayo

Balikan at pag-aralan ang sitwasyon nina Mang Teroy at Mang Kulas. Ilagay ang sarili mo sa lugar ni Mang Ambo. Pag-aralan ang alitan ng dalawang katulong ni Mang Ambo. Pumili ng isa o higit sa isang pamamaraan na magagamit mo sa paglutas ng hindi pagkakasundo nina Mang Teroy at Mang Kulas. Isulat ang iyong sagot.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

Pagkatapos mong isulat ang sagot, ihambing ito sa mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 51.

Kumusta naman? Naintindihan mo ba ang iba't ibang pamamaraan sa paghawak at/o paglutas ng alitan? Kung hindi, maaari mo namang balikan ang mga punto na hindi malinaw sa iyo. Kung naintindihan mo, napakahusay! Ibig sabihi'y maaari mo nang umpisahang gamitin ang mga ito sa pang-araw-araw mong buhay.



## Subukan  Natin Ito

May nangyari na bang hindi ninyo pagkakasundo ng isang tao at sinikap mong makipag-usap sa kanya para malutas ang hindi ninyo pagkakaunawaan pero talagang walang nangyari? Kung mayroon, ano ang ginawa mo? Humingi ka ba ng tulong sa iba upang malutas ang inyong alitan?

______________________________________________

______________________________________________

Tingnan natin kung alam mo kung sino ang lalapitan kapag may alitan na hindi mo malutas nang mag-isa.

Pag-aralan ang mga sitwasyon at isulat sa ispasyo bago ang bawat numero kung sino sa iyong pamilya, komunidad, bayan, at pati na buong daigdig ang maaaring pinakamahusay na bilang tagapamagitan o tagapamayapa. Sana suwertehin ka!

__________ 1. Nagsuntukan ang dalawa sa iyong mga kapatid na lalaki. Kayo ng iba mo pang mga kapatid ay nanood lamang sa mga nagsusuntukan.


__________ 2. Nagsigawan ng masasakit na salita ang dalawa sa iyong mga kapitbahay. Pareho silang nagsampa ng reklamo sa barangay.

__________ 3. Nahuli ng pulis ang isang pinagsususpetsahang ilegal na rekruter. Pero nagkaila siya na sangkot siya sa anumang ilegal na gawain. Ipinilit pa rin ng nagsampa ng reklamo na talagang isang ilegal na rekruter ang hinuli.

__________ 4. Iginigiit ng Malaysia, Tsina, at Pilipinas na sila ang nagmamay-ari ng Spratley Islands.

__________ 5. Nagiging dahilan ng paghihirap ng kanilang mamamayan at pati ng ibang bansa ang digmaang Palestinian-Israeli .

Pagkatapos mong sagutin ang pagsasanay, ihambing ang iyong sagot sa mga sagot na nasa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 51. Pwede mo ring basahin ang susunod na aktibidad para malaman kung tama ang iyong mga sagot.




## Alamin Natin


May mga taong tumutulong sa paglutas ng alitan. Sila ay ang:

**Mga Nakakatanda**

Maasahan natin ang ating mga nakakatanda sa pag-aayos ng anumang alitan sa pamilya. Sinu-sino ang ating nakakatanda? Sila ang ating mga magulang, lolo't lola, tiyo, tiya, nakakatandang kapatid at kamag-anak. Tungkulin nilang ayusin ang mga problema at tulungan ang mga nag-aaway na miyembro ng pamilya. Sila ang madaling makagawa ng paraang mapagkasundo ang nag-aaway na mga miyembro ng pamilya.




**Mga Opisyal ng Barangay**




Nagpapatupad ang mga opisyal barangay ng mga plano, programa, proyekto, at batas sa komunidad. Sa barangay din pinakikinggan ang mga opinyon at mungkahi ng mga taga-barangay. Maaaring ayusin dito ang pagtatalo ng magkakapitbahay.

Mayroon ding konsehong tagapamayapa ang barangay na nagsisilbing tagapamagitan sa anumang pagtatalo ng mga taga-barangay. Ito rin ay nagrerekomenda ng mga kaso sa hukuman.


**Mga Hukuman**



Pinakikinggan at hinahatulan ng mga hukuman ang mga kasong isinampa dito ng mga mamamayan. Ang hukom ang may kapangyarihang magdesisyon sa kaso. Sa paghatol o pagdedesisyon ng hukuman sa isang kaso, maingat na pinag-aaralan at sinusuri ng hukom ang lahat ng ebidensiya upang magkaroon ng makatwiran at makatarungang desisyon. Tinitiyak ng hukuman, na kinakatawan ng hukom, na naibibigay ang katarungan sa lehitimong tao o panig.

**Mga Organisasyong Internasyonal (ASEAN, United Nations, etc.)**

Ang *Association of the South East Asian Nations* (ASEAN) at ang *United Nations* (UN) ay mga pandaigdigang organisasyon na nagtataguyod ng kooperasyon sa mga bayan. Sa pagsasagawa ng ganito, naglalayon ang mga ito na mangalaga at magpapanatili ng kapayapaan sa buong daigdig.



Naglalayon ang ASEAN na magpaunlad ng kabuhayan at kultura ng rehiyon ng Timog-silangang Asya sa pamamagitan ng kooperasyon sa hanay ng mga bansang miyembro nito. Naniniwala ito na makakamit ang layunin nito kung nagkakasundo ang mga bansang miyembro nito. Ang mga bansang miyembro nito ay: ang Pilipinas, Thailand, Malaysia, Singapore, Brunei Darussalam, Vietnam, Laos, Myanmar at Cambodia.

Sa kabilang banda, ang layunin din ng UN na panatiliin ang kapayapaan sa buong mundo at magbigay-wakas sa karahasan at digmaan. Nagsasagawa ito ng mga misyong tagapagpanatili ng kapayapaan para lutasin ang mga armadong labanan sa iba't ibang parte ng mundo. Nagbibigay din ito ng mga lugar na pagdarausan ng mga negosasyong pangkapayapaan para mapigil ang laganap ng labanan ng mga bansa.

Naririto ang ilang problema na isinampa sa United Nation upang malutas:

a. Nagsikap ang UN na pairalin ang kapayapaan sa pagitan ng India at Pakistan, ang Hilagang Korea at Timog Korea, at iba pa.

b. Nanguna ito sa pagsisikap na kumbinsihin ang mga bansa na magkasundo para mapigil ang pagkalat ng armas nuklear.

c. Tiniyak ng *UN Convention on the Law of the Sea* (UNCLOS) na patibayin ang espesyal na sonang pang-ekonomiya na may habang 200 milya. Ibig sabihin nito'y may kapangyarihan ang Pilipinas sa walong isla sa Spratley na tinatawag na Kalayaan Islands.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Ano ang magiging reaksiyon mo sa sumusunod na mga sitwasyon? Bilugan ang mga letra alinsunod sa iyong sagot at ipaliwanag kung bakit pinili mo ang sagot na iyon. Isulat ang iyong paliwanag pagkatapos ng bawat numero.

1. Nagtatalo kayo ng iyong kapatid na lalaki. Alam mong tama ka, pero iginigiit pa rin niya ang kanyang panig. Ano ang gagawin mo?

   a. Hindi ko siya bibigyan ng pagkakataong magpaliwanag ng kanyang panig dahil alam kong tama ako.

   b. Bibigyan ko siya ng pagkakataong magpaliwanag. Pagkaraan niyang ipaliwanag ang kanyang panig, kalmadong ipapaliwanag ko naman ang aking panig.

   c. Sasabihin ko sa kanyang tama ako at dapat niya akong pakinggan.

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. May problema ang iyong barkada. Nagkaroon ng hindi pagkakaunawaan ang dalawa sa iyong mga kaibigan, sina Marco at Eric, kung sino ang mamamahala sa maliit na negosyong pinaplanong itayo ng iyong barkada. Sinabi ni Marco kay Eric na napakarami nitong gawain kaya hindi nito makakaya ang dagdag pang responsibilidad. Sa kabilang banda, iginigiit ni Eric na dapat bigyan ng kanya-kanyang tungkulin ang lahat. Bilang miyembro ng grupo, ano ang gagawin mo para malutas ang alitan na ito?

   a. Iiwasan kong masangkot sa kanilang alitan. May sarili akong tungkulin kaya iuukol ko lamang ang sarili ko dito. Hahayaan ko silang harapin nilang dalawa ang kanilang problema.

   b. Kakampi ako kay Eric. Sasabihin ko kay Marco na makasarili siya at walang pakiramdam. Sasabihin ko sa kanya na bilang miyembro ng grupo dapat din siyang magkaroon ng responsibilidad kung hindi'y kumalas na lamang siya sa barkada. Hindi namin kailangan ang katulad niya.

   c. Kakampi ako kay Marco. Kung talagang marami siyang trabaho, mas makakabuti sa grupo na huwag siyang bigyan ng dagdag na responsibilidad. Kapag ganyan ang mangyari, hindi namin siya masyadong aasahan. Matutulungan din namin si Marco na magampanan niya ng mas mahusay ang kasalukuyan niyang mga tungkulin.

   d. Wala akong kakampihan sa kanilang dalawa. Pareho silang kaibigan ko kaya iiwasan kong kumampi kahit kanino sa kanilang dalawa. Sa halip, pakikinggan ko silang mabuti. Pagkaraan, iaayos ko ang kanilang diyalago upang makapag-usap sila. Hihikayatin ko na maghanap sila ng posibleng solusyon na katanggap-tanggap sa kanilang dalawa.

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

3. Nagkakalat ng kasinungalingan tungkol sa iyo ang isa sa iyong mga kapitbahay. Sinasabi niya sa iba mo pang mga kapitbahay na itinaas ang iyong posisyon sa trabaho dahil kaibigan mo ang tagapamahala ng inyong kompanya. Sinabi pa niyang hindi ka karapat-dapat sa promosyon na iyon. Ano ang gagawin mo?

   a. Kakausapin ko siya at tatanungin ko kung bakit niya ipinagkalat ang kasinungalingan tungkol sa akin. Hahayaan kong ipaliwanag niya ang kanyang panig. Pagkatapos, ipapaliwanag ko sa kanya nang mahinahon ang tunay na dahilan kung bakit tumaas ang posisyon ko sa trabaho.

   b. Susugurin ko siya at hahamunin na patunayan niya ang kanyang mga bintang.

c. Magbibitiw ako sa aking posisyon at maghahanap ng ibang trabaho.

d. Sasabihin ko sa kanya na bawiin niya ang kanyang sinabi at humingi siya sa akin ng paumanhin sa harap ng maraming tao. Kung hindi niya ito gagawin, bilang nakakataas sa kanya, gagamitin ko ang aking kapangyarihan na matanggal siya sa trabaho.

Tapos ka na bang magsulat ng iyong sagot? Kung tapos na, ikumpara ang iyong mga sagot sa nasa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 51–52



## Tandaan Natin

- Sa paglutas ng alitan, importanteng makinig mabuti sa sinasabi ng kabilang panig.
- May iba't ibang pamamaraan sa paglutas ng alitan. Ang mga ito'y: pag-iwas, maging maunawain at mapagbigay, makipagkasundo, pakikipagkompetensiya, pagbabanta, at pakikipagkumprontasyon.
- Ang pagiging maunawain, mapagbigay, at makipagsundo ay maaaring magkaroon ng mas maraming positibong resulta kaysa iba pang pamamaraan.
- Ang pakikipagkumpitensya, pagbabanta at pakikipagkumprontasyon ay makakapagpalubha ng alitan at makakasira ng relasyong hindi na maaaring ayusin ng magkatunggaling panig.
- Ang pag-iwas ay puwedeng humantong sa isang positibong resulta dahil saglit na makakalma ang mga panig na sangkot. Gayunman, kung patuloy na mag-iiwasan, hinding-hindi malulutas ang alitan.
- Ang alitan ay hindi malulutas kung hindi magsisikap ang dalawang panig na lutasin ito. Ang mga taong makakatulong sa paglutas ng alitan ay: ang ating mga nakakatanda, mga opisyal ng barangay, hukuman at organisasyong internasyonal.

# Maaaring Makakabuti ang mga Alitan

Sa naunang aralin, natutuhan mo ang iba't ibang pamamaraan sa paglutas ng alitan. Nalaman mo para malutas ang alitan, ay dapat maging bukas ang dalawang panig sa rekonsilyasyon at pagbubuo ng kasunduan. Kapag ginagawa ang ganito, binibigyan ang dalawang panig ng pagkakataon na mapag-isipan at masuri ang mga dahilan ng alitan. Natututo sa mga pagkakamali ang mga tao, pati na mga bansa, kaya nagiging mas maingat ang mga ito sa pagharap sa isa't isa at nagiging mas mahusay at mas matibay ang pagpapanibago ng kanilang pagkakaibigan.

Sa araling ito, malalaman mo na hindi negatibo ang lahat ng epekto ng alitan. Kung malulutas agad ang mga alitan, ang totoo'y magkakaroon ng ilang magandang epekto sa mga tao at institusyon ang mga ito.

Pagkatapos pag-aralan ang araling ito, makakaya mo nang ipaliwanag ang kahalagahan ng paglutas ng alitan sa pinakamaagang panahon.



## Basahin Natin Ito

Nagkaroon na ba kayo ng away ng mahal mo? Kung nagkaroon na, hindi ba't talagang masarap makipagbati sa iyong mahal pagkatapos ng away?

Basahin ang sulat ng pag-ibig. Malay mo, maaaring magkapareho kayo ng karanasan ng nagpadala ng sulat.

*Mahal,*

*Napakahangal ko namang saktan ang iyong damdamin. Hindi ko sinasadyang saktan ka. Kailanma'y hindi ko magagawa ang bagay na ito sa iyo. Hindi ko maubos-maisip na makipagrelasyon sa ibang babae. Nakikiusap ako, paniwalaan mo ako. Ikaw lamang ang babae sa buhay ko. Sori rin kung lagi akong nahuhuli ng pagdating sa ating mga date. Maniwala ka, talagang ginagawa ko ang lahat para makarating sa oras pero lagi akong natatrapik. Alam kong mahinang dahilan ito pero talagang nagsasabi ako ng totoo.*

*Maawa ka, patawarin mo naman ako. Hindi ako mabubuhay nang wala ka. Mahal na mahal kita.*

*Nagmamahal,*

*Mario*



## Pag-isipan Natin Ito

Kung ikaw ang ‘Mahal’ ni Mario, ano ang gagawin mo? Tatanggapin mo ba ang hinihingi niyang paumanhin? Ipaliwang ang iyong sagot.

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Maaaring iba-ba ang ating sagot. Pero kung ako ang ‘Mahal’ ni Mario, ang mas katanggap-tanggap na sagot ay pakikinggan ko ang kanyang paliwanag. Siguro, talagang hindi niya sinasadyang saktan ako. Bibigyan ko siya ng pangalawang pagkakataon.

Basahin natin ngayon ang sagot ni Mahal sa hinihinging paumanhin ni Mario.

*Mario,*

*Inaamin kong talagang nasaktan ako nang makita kitang may kasamang ibang babae. Napakahangal ko namang magbuo agad ng konklusyon. Kinausap ko ang kapatid mo. Nalaman ko na pinsan mo lang pala ang kasama mong babae. Talagang nakakahiya. Nakikiusap akong patawarin mo rin ako.*

*Gusto kong malaman mo na napakaraming gabing hindi ako makatulog sa kakaisip sa iyo. Mahal kita, Mario, at lagi’t lagi kitang mamahalin.*

*Nagmamahal,*

*Minda*

Alam na natin ngayon na Minda ang pangalan ni Mahal. Basahin natin ang sagot ni Mario sa kanyang sulat.

*Mahal,*

*Hindi ko alam kung ano ang aking sasabihin. Maligayang-maligaya ako at binigyan mo ako ng pangalawang pagkakataon upang patunayan sa iyo ang aking pagmamahal at katapatan sa iyo. Taus-pusong sinasabi ko sa iyo na mahal kita. Gusto kong malaman mo na kailanman hindi magbabago ang pag-ibig ko sa iyo—na sa buhay ko, araw-araw, lalo kitang iibigin.*

*Salamat, Minda. Pinakamamahal kita.*

*Nagmamahal,*

*Mario*




# Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Sa mga sulat na kababasa mo lamang, nalutas agad ang alitan nina Minda at Mario. Ang alitan ang lalong nagpapalakas ng pagmamahalan nila sa isa't isa. Ang hindi nila pagkakasundo, ang daang napatunayan nila kung gaano nila kamahal ang isa't isa. Napatunayan nila na nakahanda silang patuloy na pagandahin ang kanilang relasyon.

Dahil sa mga alitan at hindi pagkakasundo, nalalaman ng mga tao ang kahalagahan ng kanilang relasyon sa isa't isa. Isa ito sa mga positibong epekto ng pagkakaroon ng alitan at paglutas nito bago pa man lumala.

Ang sumusunod ay ilan sa mga dahilan kung bakit ang mga alitan, kapag nilutas agad, ay talagang makapagbibigay ng ilang positibong epekto sa relasyon ng mga tao at ng mga bansa.

1. Kapag may alitan sa isang grupo, nagbibigay ito ng alalahanin at interes sa mga miyembro. Dahil sa alitan, maingat na sinusuri ng mga miyembro ang sitwasyon. Nag-iisip sila ng mga posibleng solusyon sa alitan na ito. Dito nagsisimula ang isang prosesong hahantong sa pinakamagandang solusyon.




2. Kapag ginagawa ng mga miyembro ang lahat para malutas agad ang alitan, walang gaanong masasayang na panahon. Pero aantayin pa sila hanggang lumubha ang alitan, mas mahabang panahon ang kailangan para malutas ito. Kaya, pinakamahusay kung kumilos agad para maiwasang pag-aksaya ng oras at maiwasang lumubha ang sitwasyon.

Ano sana ang mangyayari sa kooperatiba at sa relasyon nina Tomas, Fred, at iba pang miyembro kung hindi agad nalutas ang alitan ng dalawang opisyal?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

> Balikan natin ang naunang halimbawa tungkol sa kooperatiba nina Tomas at Fred. Mabuti na lamang at nalutas agad ang alitan ng dalawang opisyal. Kung hindi, magpapatuloy ang away hanggang hindi na magagawa ang kailangang ulat. Isa pa, nagkasamaan nang loob sina Tomas at Fred dahil sa kanilang away, hindi na nila magagampanan ang kanilang gawain bilang mga opisyal. Mas mahirap na magkasundo pa ang dalawa kung abutin ito ng mahabang panahon.

3. May panahon na nagdedesisyon ang grupo na magpalit ng ilan sa mga tuntunin, pamamaraan o layunin sa paglutas ng alitan. Ibig sabihin, pagbabagong mas makapagpapabuti pa. Dahil dito, mas makakapagbigay ng napapanahong pangangailangan at makakatugon dito ang kompanya.

   Sa palagay mo, ano kaya ang nangyari kung hindi nagkaroon ng alitan sina Tomas at Fred?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

> Tandaan na sa kaso nina Tomas at Fred, humantong ang kanilang alitan sa pagbabalangkas ng mas malinaw na mga patakaran kung paano gumawa ng mga ulat na kailangan nila. Naging malinaw sa lahat kung sino ang mamamahala sa paggawa ng ganitong mga ulat pati na rin kung paano gagawin ang mga ito. Kapaki-pakinabang ito sa kooperatiba dahil mas malinaw na ngayon ang mga tuntunin nito. Kaya mas mahusay na makakapagtrabaho at mas responsable ang mga miyembro ng kooperatiba.

4. Natuto ang mga miyembro ng grupo na tukuyin at unawain ang kanilang mga pamamaraan sa paglutas ng mga alitan. Dahil dito, nalaman nila ang kanilang mga kalakasan at kahinaan. Nalaman nila kung aling punto ang kailangan ng pagkilos o kailangang paunlarin para mas mahusay na harapin ang mga alitan.

   Sa palagay mo, anu-ano ang pamamaraang ginamit ng kooperatiba sa paglutas ng alitan nina Tomas at Fred. Ipaliwanag ang iyong sagot.

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

Sa kaso nina Tomas at Fred, namagitan ang ibang miyembro ng kooperatiba sa kanilang alitan. Nagdaos ng pulong para sa magkatunggaling panig. Sa pulong, pinakinggan at tinimbang ang mga argumento nina Tomas at Fred. Nagresulta ito sa pagbabalangkas ng mga bagong patakaran. Parehong pinagbigyan nina Tomas at Fred ang kani-kanilang argumento at siguro'y nagkasundo sa ilang punto na magiging kapaki-pakinabang para sa buong kooperatiba. Sa bandang huli, pareho silang nakalikha ng sitwasyong "panalo-panalo" na dito'y nakinabang ang lahat.

5. Ang alitan ay nakakahikayat sa mga tao na magsuri ng mga punto de bista o opinyon ng ibang tao. Natututuhan nilang maging mapagbigay at hindi maging makasarili. Nakakatulong ang aktitud na ito sa pagpigil ng mga alitan sa hinaharap.

Dahil sa alitan nina Tomas at Fred, naging mas sensitibo at maunawain sila sa damdamin ng isa't isa. Naging bukas din sila sa mga mungkahi at komentaryo. Naging malinaw sa kanila na pareho nilang gustong umunlad ang kooperatiba kaya walang dahilan para hindi sila magsama-samang kumilos.

6. Sa panghuli, nilulutas agad ng mga tao ang alitan, mas gumanda ang relasyon nila sa isa't isa. Tumaas ang moral at gumanda ang pakitungo ng lahat na nasa grupo. Nagiging mas masaya at mas magaan ang loob ng lahat sa isa't isa. Natututuhan din nilang mas mahalin ang kanilang trabaho at naging mas malugod sila sa kanilang trabaho.

Nagsilbi na tagapagpaalala ang alitan nina Tomas at Fred sa ibang miyembro ng grupo na pakinggan ang isa't isa at respetuhin ang idea at paniniwala ng bawat isa. Dahil dito, natuto silang maging bukas sa mungkahi at puna ng isa't isa. Ang pinakamahalaga, nagsilbing tagapagmulat ang alitan sa grupo upang magtulungan.



.



## Subukan Natin Ito

Balikan natin ang mga sulat ng pag-ibig nina Mario at Minda, sang-ayon ka ba sa kasabihang “Mas matamis ang pag-iibigan sa ikalawang pagkakataon?’ Ipaliwanag ang iyong sagot.

Tapos mo na bang sagutin ang tanong? Kung tapos na, nadama mo ba ang pag-ibig sa paligid? Ihambing ang iyong sagot sa mga halimbawang sagot na nasa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 52.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Tukuyin at ipaliwanag ang mga positibong epekto ng mga alitan na nilulutas agad. Isulat ang iyong mga sagot sa espasyo pagkatapos ng alitan.

1. Pagkatapos nang mahabang pakikipagpulong sa iyong lolo’t lola, nagkasundo rin ang mga magulang mo sa matinding pagtatalo na nangyayari noong isang gabi. Ika-11 anibersaryo ng kanilang kasal noong isang gabi pero hindi nakarating sa oras ng hapunan ang iyong tatay. Nagreklamo ang iyong nanay sa pagiging di maalalahanin ng iyong tatay. Sa kabilang banda, nainis naman ang tatay mo sa nanay mo at ipinilit niya na kasalanan ng nanay mo ang lahat. Sinabi niya na kailangan niyang kumayod nang husto dahil nagrereklamo ang nanay mo na nahihirapan siyang magbadyet ng suweldo ng tatay mo.

2. Noong panahon ng Batas Militar, noong maagang bahagi ng dekada ’70 at dekada ’80, dumanas ang Pilipinas nang paghihirap dahil sa paghahari ng diktador na si Marcos. Sinasabing noong panahong ito, maraming nilabag na karapatang pantao ang mga militar at maraming matapang na Pilipino ang naglaho at hindi na nakabalik hanggang ngayon.

Tapos ka na bang magsulat ng iyong sagot? Kung tapos na, ikumpara ang iyong sagot sa mga halimbawang sagot na nasa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 52–53.



## Tandaan Natin

- Kapag nilulutas agad ang alitan, hindi na hinihintay na lumubha pa ito, mas nagiging kapaki-pakinabang ito sa dalawang panig na kasangkot at sa mga taong nakapaligid sa kanila.
- Ang alitang napamahalaan mabuti ay makakapagpabuti ng relasyon ng dalawang panig at ng grupong kinabibilangan nila.
- Ang alitan ay nakapagtuturo sa mga tao, organisasyon at pati sa mga bansa na suriin ang dahilan ng alitan, mga pamamaraan kung paano lutasin at mga pamamaraan ng pagpigil para hindi muling mangyari ito.

Binabati kita! Ito ang katapusan ng modyul. Nagustuhan mo ba? Marami ka bang natutuhan sa modyul na ito? Kung may mga puntong hindi masyadong malinaw sa iyo, balikan ang mga bahagi ng modyul na tumatalakay dito at muling pag-aralan ang mga ito. Naririto ang buod ng mga pangunahing punto para makatulong sa iyo na tandaan nang mabuti ang mga importanteng puntong tinalakay sa modyul na ito.



## Ibuod Natin

- Ang mga alitan ay maaaring resulta ng pagkakaiba sa kultura, ideya, paniniwala, layunin at mithiin ng iba't ibang tao, organisasyon at bansa.
- Maraming paraan sa pagpamagitan ng alitan pero ang mas importante'y pinakikinggan ng mga tao at bayan ang panig ng isa't isa at sinusuri ang mga ito. Sa pagiging bukas lamang sa isa't isa malulutas ang kanilang mga alitan o hindi pagkakasundo.
- Hindi lahat ng pamamaraan sa pagpamagitan ng alitan ay talagang makakalutas ng mga alitan. Ang pakikipagkompetensiya, pagbabanta o pakikipagkumprontasyon sa isa pang tao ay makakapagpalala lamang sa sitwasyon. Ang pag-iiwas, kung hindi naman ito patatagalin, ay maaaring humantong sa positibong resulta. Pero kung hindi, mananatiling hindi nalulutas ang alitan.
- Ang pakikipagsundo, pag-uunawa at mapagbigay sa isa't isa ay pinakamahuhusay na pamamaraan sa paglutas ng alitan dahil makikinabang sa pagkakasundo ang dalawang panig at ang mga taong nakapaligid sa kanila.
- Ang mga alitang nilulutas agad ay makakapagdulot ng positibong resulta sa lahat ng sangkot na panig. Makakapagpaganda ito ng relasyon ng mga tao at bansa. Sa kaso ng mga grupo at organisasyon, hahantong ito sa pagbabago ng mga patakaran na katanggap-tanggap at kapaki-pakinabang sa lahat.



## Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?

Basahin at suriing mabuti ang sitwasyon. Pagkatapos, (a) tukuyin ang mga alitan at ipaliwanag ang mga dahilan ng mga ito, (b) magbigay ng mga pamamaraan kung paano malulutas ang alitan at (c) tukuyin at ipaliwanag ang mga positibong resulta na maaaring lumitaw kung hindi malutas agad ang alitan.

**Mga Mamamayan ng Pilipinas laban kay Pangulong Joseph Ejercito Estrada**

Nahaharap ang Pangulo ng Pilipinas na si Joseph Ejercito Estrada sa malalang problemang pampolitika ng kanyang administrasyon. Nagsampa ng *impeachment case* o paratang ng krimen sa kanya ang Kapulungan ng mga Kinatawan dahil sa diumano'y sangkot siya sa ilegal na sugal at katiwalian. Ayon sa ulat, may di maipaliwanag na yaman si Pangulong Estrada at ang kanyang "mga pamilya."

Nahati sa dalawa ang mga Pilipino, grupong Pro-Estrada at grupong Anti-Estrada. Kung dumarami man ang gustong bumitaw si Pangulong Estrada, dumarami rin ang mga tagasuporta nito. Nagpapakita ng lakas sa mga kalsada ang dalawang grupo-anti at pro.

Gusto ng grupong anti-Estrada na magbitiw na si Pangulong Estrada pero nagmamatigas naman siya na hindi siya bibitiw. Nagkakaroon ng mga demonstrasyon sa mga kalsada sa buong bansa na nilalahukan ng maraming mamamayan. Iginigiit pa rin ng Pangulo na inosente siya sa mga bintang sa kanya.

Sa kabilang banda, gusto naman ng grupong pro-Estrada na manatili siya sa posisyon. Sinasabi nilang mabuting pangulo si Estrada. Naniniwala sila sa kakayahan niya bilang lider. Naniniwala sila na inosente ito.

Medyo tagilid ang katatagan ng politika sa ating bansa, pati na rin ang katatagan sa ekonomiya nito. Dahil sa kinakaharap na krisis sa politika ng ating bansa, maraming namumuhunan na binabawi ang kanilang puhunan na inilagay sa ating bayan. Bumagsak ang piso, mula ₱45 bawat dolyar noong Setyembre 2000 ay naging ₱51.30 bawat dolyar noong Enero 2001.

a. ____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

b. ____________________________________________

c.

Pagkatapos mong sagutan ang pagsasanay, ikumpara ang iyong mga sagot sa nasa *Batayan sa Pagwawasto* sa mga pp. 53–54.

## Batayan sa Pagwawasto

**A. Anu-ano na ang mga Alam Mo?** *(pahina 2)*

Ang inaasahang mga sagot ay:

Para sa Sang-ayon: 1,2,3,4,5,6 at 8

Para sa Di Sang-ayon:

7 - D ang inaasahang sagot dahil ang alitan ng isang grupo ay nagpapakitang may problema ang mga miyembro nito sa isa't isa, o sa mga prinsipyo, pamamaraan o layunin ng grupo. Kung minsan may mga pangyayaring nakikita sa alitan ng grupo na kailangan na palitan o baguhin ang ibang prinsipyo, pamamaraan o layunin na ginagamit sa paglutas ng alitan.

9 - Lahat, hindi lamang mga manager o boss, ang dapat na magpahusay ng kanilang kasanayan sa paglutas ng alitan dahil ang bawat isa ay mayroon o magkakaroon ng sariling alitang lulutasin.

10 - Hindi ipinipilit ng mapagbigay na tao ang kanyang mga paniniwala o layunin. Sa halip, bukas ang isip ng isang mapagbigay ng tao sa anumang idea o paniniwala ng ibang tao.

**B. Aralin 1**

*Subukan Natin Ito (pahina 5)*

Ang inaasahang sagot ay: *Sumasang-ayon ako sa pahayag.*

> Ang isang paliwanag ay maaaring: *Kadalasan mahirap na maghusga kung sino ang tama o mali sa isang awayan. Hindi natin alam ang lahat ng detalye o lahat ng nangyari. Sisisihin natin ang isang tao pero maaaring may maganda siyang dahilan (na hindi natin alam) sa ginawa niya. Bukod dito, mahirap magbuo agad ng konklusyon at pumanig kay Aling Basyon o kay Aling Siony. Importanteng malaman kung ano talaga ang nangyari, at mula doo'y gumawa ng hakbang sa pagtulong sa kanila na malutas ang kanilang alitan.*

(Maaaring iba sa nabanggit ang paliwanag ng mag-aaral.)

*Magbalik-aral Tayo (pahina 7)*

Naririto ang ilang halimbawang sagot na maaaring ibigay ng mag-aaral. Ang ibang sagot ng mag-aaral ay maaaring iba sa nabanggit sa susunod na pahina.

1. Sa palagay ko, walang dapat sisihin sa kanila. Ibig sabihin, walang tama o walang mali sa dalawa. Hindi natin masisisi si Aling Basyon na sumama ang loob kay Aling Siony dahil nawalan siya ng suki. Gayunman, hindi natin masisisi si Aling Siony dahil hindi naman niya sinasadyang akitin ang mga suki ni Aling Basyon na bumili sa kanya. Ginagawa lamang niya ang kanyang trabahong pagtitinda.

2. Kung mamamagitan ako sa dalawa, kailangan ko munang malaman ang kuwento ng bawat panig. Pagkatapos, kukumbinsihin ko silang mag-usap. Kung papayag sila, magiging tagapamagitan ako para mabantayan kung maayos ang kanilang pag-uusap. Sisiguraduhin ko na pareho silang may tsansang magsalita at magpaliwanag ng kanilang panig. Hihikayatin ko rin silang maging kalmado at maging bukas ang isip sa paliwanag ng bawat isa.

3. Oo. May tsansa pa sina Aling Siony at Aling Basyon na maging magkaibigan muli. Puwede pa silang magkasundong dalawa kung gusto nilang mag-usap at mag-ayos ng kanilang hindi pagkakaunawaan. Pareho silang dapat magsikap na maayos ang kanilang hindi pagkakasundo. Ibig sabihin, pareho silang dapat mag-usap nang bukas ang isip.

*Magbalik-aral Tayo (pahina 14)*

Naririto ang halimbawang sagot. Malamang na may ibang sagot ang mag-aaral dahil ibabatay niya ang kanyang sagot sa kanyang karanasan.

> Nagkaroon kami ng alitan ni Tatay. Noong tinedyer pa ako, masyado siyang mahigpit. Ayaw niyang gumawa ako ng mga bagay na gusto kong gawin. Hindi ako pinapayagang lumabas kasama ang aking barkada. Suwerte ko, maunawain ang Nanay ko kaysa kay Tatay. Agad niyang inayos ang diyalogo namin ni Tatay. Nag-uusap kami nang tapatan. Sinabi ko kay Tatay na masyado siyang istrikto sa akin at hindi ko natamasa ang aking kabataan. Sinabi niya na para sa kanya, ang pagiging istrikto niya ay para sa aking kabutihan. Gusto niyang mag-aral ako nang mabuti para makatapos ako sa tamang panahon at sana, may karangalan. Sinabi niya sa akin na ang gusto lamang niya ay magkaroon ako ng magandang kinabukasan. Sa bandang huli, naunawaan namin ang isa't isa at may napagkasunduan kami. Nagkasundo kami na puwede akong sumamang lumabas kasama ang aking mga kaibigan pero ang kapalit ay ang aking pag-aaral muna ang mauuna. Binigyan niya ako ng kondisyon na puwede akong lumabas kasama ang aking mga kaibigan kung tapos ko na ang lahat ng aking takdang-aralin at ibang kailangan sa eskwelahan. Pagkatapos naming mag-usap, maayos na ang lahat. Nagagampanan ko sa aking pag-aaral nang mabuti at nakakalabas pa ako nang madalas kasama ang aking mga kaibigan. Ang pinakaimportante, naging mas malapit kami sa isa't isa.

*Magbalik-aral Tayo (pahina 17)*

1. alitang Arab-Israeli

2. Israel

3. mga Arabo

4. Ang posibleng sagot ay: labanan at digmaan

5. negatibong

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina 18)*

Maaaring iba-iba ang sagot sa aktibidad na ito. Nakabatay ang mga ito sa sariling karanasan ng mag-aaral. Mga halimbawang sagot lamang ang mga sagot na ito.

1. Ang pagiging ignorante ni Mang Juan sa kautusan ng pagtatapon ng basura na pinagtibay ng konseho ng barangay ay maaaring humantong sa hindi pagkakaunawaan at alitan sa buong barangay. Puwedeng magsampa ng reklamo si Aling Maria laban kay Mang Juan dahil itinatapon niya ang kanyang basura sa tabi ng bahay ni Aling Maria. Ganoon din ang puwedeng gawin ng ibang kabarangay niya. Puwede rin silang magsampa ng reklamo laban kay Mang Juan dahil hindi niya sinusunod ang kautusan na pinagtibay ng konseho ng barangay.

2. Maaaring lumitaw ang alitan ng tatlo dahil sa maling impormasyon tungkol sa pagpapakasal nina Lando at Nenita, ang kalungkutan ni Mila, at ang kawalan ng komunikasyon nang mawala si Mila. Siguradong nagulat si Mila nang malaman niyang pinakasalan ng kanyang matalik na kaibigan ang kanyang kasintahan at nasaktan siya nang husto. Talagang masakit nga naman na mawalan ka ng dalawa sa iyong mga minamahal. Marahil, naramdaman niyang niloko siya. Pinagkatiwalan niya ang mga ito at masakit na malaman na sinira nila ang kanyang pagtitiwala sa kanila. Isa pa, umaasa siyang pagbalik niya sa Romblon ay makikita niyang muli ang kanyang mga mahal, mapapawi ang sakit na dulot ng biglang pagkasisante sa kanya sa trabaho. Gayunman, hindi magandang pagsalubong sa kanya ang balitang pagpapakasal nina Nenita at Lando.

   Sa kabilang banda, siguro'y sinikap nina Nenita at Lando na itago ang kanilang nararamdaman sa isat'isa pero dahil matagal na nawala si Mila, naging malapit sila sa isa't isa. Siguro, sinikap nilang iparating kay Mila ang tungkol sa kanilang relasyon pero hindi siya makontak.

## C. Aralin 2

*Subukan Natin Ito (pahina 24)*

1. Ang diyalogo ay tungkol sa kung ano ang maaaring mangyari kung hindi tayo makikinig nang mabuti sa isa't isa. Nakabuo agad ng kongklusyon si Maring na si Brenda ay nagsasalita nang masama tungkol sa kanya, samantalang ang totoo'y maganda naman pala. Kung nakinig siyang mabuti kay Isabel, nalaman sana niya ang katotohanan.

2. Hindi mahusay na tagapakinig si Maring. Mula umpisa'y may negatibo na siyang opinyon tungkol kay Brenda. Sinasabi ni Isabel na nagbago na si Brenda pero mukhang hindi siya nakikinig. Hinusgahan na niya si Brenda at anuman ang sabihin ni Isabel ay wala nang epekto sa iniisip niya tungkol kay Brenda. Masyado nang sarado ang isip niya. Pinanghawakan niya ang dati niyang opinyon na nagkakalat ng masamang tsismis si Brenda tungkol sa kanya.

3. Hindi nakinig si Maring sa mga Linya 4 at 5 ni Isabel. Sa Linya 4, sinabi ni Isabel na nagsasalita siya nang maganda tungkol kay Maring. Sa Linya 5, sinabi ni Isabel na hindi na tsismosa si Brenda. Kung nakinig lamang nang mabuti si Maring, sana'y nalaman niya na hindi nagsalita si Brenda nang masama tungkol sa kanya.

4. Baka mag-away sina Maring at Brenda dahil sa bintang ni Maring.

*Magbalik-aral Tayo (pahina 33)*

Kung ako si Mang Ambo, magiging maunawain at mapagbigay ako at hihikayatin ko silang mag-usap para makapagbuo sila ng kasunduan. Sa pagiging maunawain at mapagbigay, tiyak akong mananatili ang pagkakaisa ng grupo. Pakikinggan ko sila habang nagpapaliwanag ng kanilang panig. Hihikayatin ko din na gawin nila ang ganito. Hihikayatin ko silang magbigay ng konsiderasyon at pang-unawa sa isa't isa, para mas madali sa kanila na magbuo ng kasunduan sa bandang huli.

*Subukan Natin Ito (pp. 33–34)*

1. mga nakakatanda/mga magulang
2. mga opisyal ng barangay/kapitan
3. hukuman/hukom
4. mga organisasyong internasyonal o rehiyonal tulad ng Association of the South East Asian Nations (ASEAN)
5. organisasyong internasyonal na kalahok sa pangangalaga ng kapayapaan tulad ng United Nations (UN)

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 36–38)*

Ang mga sagot at paliwanag ay maaaring iba-iba batay sa mga karanasan at personal na opinyon ng mag-aaral. Ang mga sagot na ito ay mas minamabuti at ang mga paliwanag ay sampol lamang na paliwanag.

1. **B.** Bibigyan ko siya ng pagkakataon na makapagpaliwanag. Pakikinggan ko ang kanyang paliwanag para maunawaan ang kanyang panig. Siguro, may maganda siyang punto na ayaw kong isaalang-alang noon dahil pakiramdam ko'y lagi akong tama. Pagkatapos niyang magpaliwanag, ipapaliwanag ko rin ang aking panig. Umaasa ako na sa bandang huli ng aming diyalogo ay malulutas ang aming alitan at makakapagbuo ng kasunduan.

2. **D.** Wala akong papanigan kina Marco at Eric. Kung wala man akong papanigan, hindi ibig sabihin na hindi ako makikisangkot sa kanilang alitan. Bilang miyembro ng grupo at mabuting kaibigan, responsibilidad kong pagkasunduin sila. Wala akong kakampihan sa kanila dahil kapag ginawa ko ito lalala lamang ang sitwasyon. Pareho ko silang kaibigan at gusto kong maramdaman nila na pantay ang trato ko sa kanila. Gagawin ko ang lahat para magharap sila sa diyalogo, dahil sa pamamagitan lamang ng pag-uusap at pakikinig sa isa't isa malulutas ang kanilang alitan.

3. **A.** Kakausapin ko siya at hahayaan ko siyang magpaliwanag kung bakit siya nagkakalat ng kasinungalingan tungkol sa akin. Bibigyan ko siya ng pagkakataon na magpapaliwanag. Baka nga inosente siya. Baka nasagap lamang niya sa iba ang balita. Pagkatapos kong marinig ang kanyang panig, sasabihin ko sa kanya ang totoo. Iiwasan kong magkaroon kami ng kumprontasyon dahil makakapagpalala lamang iyon ng sitwasyon. Dapat kong tandaan na mapayapa naming malulutas ang alitan. Hindi ako magbibitiw sa aking posisyon dahil nangangahulugan na inaamin ko na tama ang kanyang sinabi. Hindi malulutas ang problema kung iiwasan ko siya. At panghuli, hindi ko siya pagbabantaan. Hindi dahil mas mataas ang posisyon ko kaysa kanya ay may kapangyarihan na akong sisantihin siya. Ang ganitong hakbang ay magbibigay lamang ng impresyon sa aking mga katrabaho na depensibo at may kasalanan ako.

## D. Aralin 3

*Subukan Natin Ito (pahina 44)*

Ang sagot ay maaaring iba-iba depende sa personal na karanasan at opinyon ng mag-aaral. Ito'y sampol lamang na sagot.

Oo. Batay sa kuwento nina Mario at Minda, sang-ayon ako na mas matamis ang pag-ibig sa ikalawang pagkakataon. Dahil sa kanilang hindi pagkakaunawaan, nalaman nila kung gaano nila kamahal ang isa't isa at kung gaano sila handang magsakripisyo para sa isa't isa para mapangalagaan ang kanilang relasyon.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina 44)*

1. Nalutas kaagad ang hindi pagkakasundo ng aking mga magulang, na maaaring magdudulot ng mas malalim na unawaan. Pareho silang puwedeng magbago para mapaunlad ang kanilang relasyon. Maaaring simulan ng aking ina na baguhin ang kanyang trato sa aking ama. Imbes na magdadakdak, puwede siyang maging mas maunawain, magbigay-konsiderasyon at suporta sa aking ama. Sa kabilang banda, ang aking ama ay puwedeng maging mas maalalahanin sa kanyang pamilya. Siguro, pagkatapos ng pag-uusap, naisip niya na dapat siyang magkaroon ng maraming panahon sa amin, laluna sa aking ina.

2. Mahirap talagang sabihin na magkakaroon ng positibong ambag sa ating lipunan ang Panahon ng Batas Militar, na itinuturing na pinakamadilim na yugto ng ating kasaysayan dahil sa mga paglabag sa karapatang pantao noong panahong iyon. Pero nagkaroon ito ng positibong resulta. Ang isa, dito nagising ang mga Pilipino na mahalaga ang demokrasya at kalayaan. Pagkatapos maibagsak si Marcos sa pamamagitan ng Rebolusyong EDSA, lahat ng presidenteng sumunod sa kanya ay nangakong pangangalagaan ang demokrasya anuman ang mangyari.

## E. Anu-ano ang mga Natutuhan Mo? *(pp. 46–47)*

Maaaring may iba-ibang opinyon ang mag-aaral tungkol sa impeachment sa Presidente

a. Ang *impeachment case* laban sa Presidente ay malalang alitan na kailangang lutasin agad upang wakasan na ang kasalukuyang krisis sa ekonomiya at politika.

   Nahati ang mga Pilipino. Magkaiba ang kanilang paniniwala at layunin. Gusto ng isang grupo na palitan ang kasalukuyang administrasyon samantalang gusto naman ng isa na manatili pa ang kasalukuyang administrasyon kaya nagkaroon ng alitan. Ang kanilang mga pagkakaiba ay nakapagpalala sa sitwasyon dahil naglalaban-laban sila, sinasabing ang ginagawa nila ay para sa ikabubuti ng bayan. Napakaimportanteng malutas ang krisis ng politika sa ating bayan. Kailangan na itong malutas para maayos ang mga aktibidad ng iba't ibang grupo ng mga Pilipino.

b. Iba't ibang pamamaraan ang maaaring gamitin sa paglutas ng alitan. Pero ang pinakaimportanteng pamamaraan na pipiliin ay ang hindi magdudulot ng karahasan at hahantong sa isang solusyon na katanggap-tanggap sa nakakaraming Pilipino.

   - ♦ Pagtitiwala ito sa sistema ng katarungan sa paghawak nito sa isyu. Nagpapatuloy ang impeachment case. Pinakamahusay na hayaan na lamang ang batas ang humatol. Gayunman, hindi ibig sabihin nito na iiwasan ng mga mamamayan na makisangkot dahil sa totoo'y sa gusto natin at sa hindi, kasangkot tayo. Kinabukasan ng ating bayan ang nakataya kaya kailangan tayong maging mapagbantay sa isyu o alitan.
   - ♦ Sa bahagi natin, mas mabuti kung pipigilin nating magkaroon ng karahasan. Importanteng irespeto natin ang paniniwala at opinyon ng isa't isa. Ipakita natin na nag-aalala tayo pero dapat nating iwasang maging agresibo dahil makakapagpalala lamang ang karahasan sa krisis ng ating bayan.

- Sa mga hukom na senador at nakaupong hukom, dapat nilang panatilihin ang pagiging makatwiran sa kaso. Ang pagiging makatwiran lamang ang makakabuo ng desisyon na makatwiran at makatarungan.
- Para sa Pangulo, kung talagang nagkasala siya, hindi na niya dapat hintayin ang desisyon ng hukuman. Sa palagay ko, mas makakabuti para sa bayan na magkaroon siya ng inisyatiba na bumaba sa puwesto para matapos na ang isyu at magpatuloy tayo sa ating buhay. Kung inosente siya, sa palagay ko'y kailangan na niyang umpisahang maglinis ng pangalan kaysa gumawa ng mga bagay na makakadagdag sa kanyang problema at sa problema ng ating bansa.

c. Ang ilan sa mga positibong resulta ng alitan kapag nalutas ay:

- Kung malulutas kaagad ang impeachment case, isang bagay ang malinaw, na sa isang demokratikong lipunan, ang mga mamamayan ang may mas malakas na kapangyarihan kaysa mga lider. Nanggagaling sa mga mamamayan lahat ng kapangyarihan, kaya may kapangyarihan sila na magdesisyon kung sino ang mamumuno sa kanila at kung paano sila pamumunuan.
- Dahil sa kaso, namulat din ang maraming Pilipino. Kaya magiging mas mapagpuna at/o magbibigay ng suporta sa gobyerno kaysa maging mapagtiis at maging ignorante sa mga dapat at hindi dapat sa pamahalaan.
- Ang Presidente, ang kasalukuyan man o ang bago, ay magiging mas maingat sa pamamahala sa kanyang administrasyon. Ganoon din sa ibang opisyal ng pamahalaan, tutuparin nila nang mas responsable ang kanilang mga tungkulin.
- Maaaring isulong ng mga mamamayan ang kanilang buhay at gawain nang mas mahusay dahil may tiwala na sila muli sa administrasyon. Isa pa, kasama ng panibagong kumpiyansa ng mga mamamayan sa administrasyon ang magiging batayan ng kumpyansa ng mga negosyanteng mamumuhunan muli sa ating bayan.